# CHAPTER 4

Chloe's POV;

"Okay you can take your lunch"

Niligpit ko ang mga gamit ko at tatayo na sana ako ng may maramdaman akong may madikit na bagay sa pants ko

Nagawi ang tingin ko kay damon at namumula mula ang mga tenga nito at halatang nag pipigil ng tawa. Tinignan ko sa pants ko kung ano yung nakalagay

'Patawarin nyo po ako kung may magagawa na naman akong kasalanan'

"Opss may bubble gum" sabi nya at tinuro pa ang upuan ko

"Ano bang problema mo ha?" malumanay na tanong ko sakanya

Tumayo sya kaya napilitan akong tumingala dahil mas matangkad sya sakin

"Problema ko...? ikaw, at yang buong pagkatao mo" ngingisi ngisi nyang sagot

"Ako nga ayoko sa buong pagkatao mo pinroblema koba?"Sarakastiko kong sagot at agad na nilagpasan sya

'Ang laki ng problema nung kapre na yun...tsk'

Dumeretsyo ako sa cubicle para linisin ang nakadikit na bubble gum sa pants ko pero sa kasamaang palad hindi ito natanggal

"Tsk! bwisit na demon yun" gigil kong sabi habang nakatingin sa malaking salamin dito sa cr

Sa inis ko lumabas na lang ako ng cr at dumeretsyo sa likod ng canteen dahil nawalan nako ng gana. Nang makarating ako don ay umupo ako sa bench at tinignan ang oras

"1hour pa.."

Sumandal ako at ipinikit ang mga mata... Patulog na sana ako ng may marinig akong ingay

"Ano va bitawan nyoko!!!!"

Napadilat ako bigla ng marinig ko ang ingay na yun

"Sabing hindi pwede eh!!"

Tumayo ako at hinanap kung saan nang gagaling ang ingay na yon. Nakita ko ang anino sa bandang likod ng puno kaya dumeretsyo ako at...

"Bitawan nyoko sabi eh!!!"

"Bakit ba ang kul---"

"Bitawan nyo sya" mahinang sabi ko na sapat para marinig nila

Napatigil sila at tumingin sa pwesto ko... Ang kaninang sabik na sabik na mga lalaki at nawala ang mga ngiti. Dahan dahan silang tumingin sa vandang dibdib ko kaya tumingin ako doon at napatingin sa kwintas na binigay sakin ni papu

"The Queen..." mahinang sabi nito at dahan dahang binitawan ang babae

Walang ano ano ay bigla silang kumaripas ng takbo kaya naiwan kaming dalawa ng babaeng ito

"Thank you" nangingilid na luhang sabi nya at tinanguan ko lang sya. Tatalikod na sana ako ng tawagin nya ako

"Chloe...Right?"

(-_^)

"Yeahh..."

"I'm sunshine nice to meet you" sabu nito at inilahad ang kamay nya pero tinignan ko lang kaya inalis din nya

"Wag mong hahayaang mag isa kang pupunta dito maraming masasamang tao sa paligid" sabi ko at tumalikod na doon ko lang naalala na sya yung girlfriend nung demon na yun

tinignan ko ang oras at meron pakong 40mins. Kaya dumeretsyo na lang ako sa canteen at bumili ng pag kain. At katulad nga ng sinabi ko ginto ang pagkain dito haysss

Nang makabili ako ay nag hanap ako ng pwesto at sakto ito sa tabi ng bintana kaya dumeretsyo ako don. Habang kumakain ako hindi ko maiwasang hindi mapatingin sa paligid ko dahil halos lahat sila nakatingin sila sakin.

"Tsk parang mga sira..."

Pinag patuloy ko na lang ang pagkain ko at hindi na sila pinansin pa... Natapos ako at dumeretsyo na sa labas... Hindi ko kasabay sila ate snow dahil iba iba ang time namin kaya eto ako nag iisa ayoko namang samahan yung tatlong nakikipag kaibigan sakin dahil hindi ako sanay

'Di ako friendly tsk!'

Pag karating ko sa room halos wala pang tao kaya dumeretsyo na lang ako sa upuan ko at ipinasak sa tenga ko ang earphones ko at pumikit. Hindi ko namalayan nakatulog na pala ako

Damon's POV;

Nag lalakad kami sa hall nila zeke dahil papunta kami ngayon sa room nila sunshine.

"Omygoshhh si damon"

"Ang gwapo talaga ni damon"

"Mas bet ko pa rin si zeke!"

"Ang puppy ni lucas!!"

"No!! Ang yummy ni damon"

"Geeeezz!! Andrew mah beybe!!"

*(-__________________-)*

Halos lahat ng madaanan namin ganyan ang isinisigaw. Pero baliwala na lang samin dahil ilang taon na kaming nag aaral dito

"Where's sunshine?" tanong ni andrew sa kaibigan shine nang makarating kami sa room nila

"I thought she's with damon na kasi kanina pa sya umalis nauna nga sakin e" pag tataka ng kaibigan nya

"Tara na dre hanapin na lang natin baka nauna na sa canteen" sabi ni zeke at nag pauna ng umalis

Sa kalagitnaan ng pag lalakad namin ay nakita ko sa di kalayuan si shine pero napakunot ako ng makita itong nakahawak sa kanang braso nya... At daha  dahan ng kumunot ang noo ko ng makitang lukot lukot ang damit nya at g**o g**o ang buhok

'Sh*t shine tell me truth now!!!!!'

"Sunshine!!" lucas

"Shine ano nangyare?" zeke

Tumakbo ako papunta sakanya at nag aalalang tumingin

"Babe what f*cking happend to you huh? saan kaba galing? and damn what happend to your skirt? Tell me!!" sa sobrang kaba ko napasigaw na ako at napahawak sa mag kabilang balikan ni shine

"Babe calm... I'm okay, Kanina pumunta ako sa tambayan nyo, Akala ko kasi nandun kayo and nung ma conrm kong wala umalis nako don then while im walking dun sa tapat ng garden may bigla na lang lumabas na bad guys they try to r***d me pero hindi nila nagawa kasi dumating si chloe... I don't know how to react kanina kasi nung makita ng mga bad guys yung necklace ni chloe bigla silang tumakbo palayo" paiba ibang reaksyon na kwento ni shine

Hindi ko din alam kung paano mag react sa kinwento ni shine. I can't imagine na ililigtas nya si shine.

"Change your clothes... Come here" sabi ko at tinanggal ang coat ko tyaka itinakip sakanya

Hanggang sa makarating kami sa locker hindi ako makaimik dahil sa kinwento ni shine. Sa itchura pa lang ni nung manang na yun parang di nya kayang gawin yun

"Bye babe i'll see you later" hindi ko namalayan nasa tapat na pala kami ng room nila

"Here" binigay ko sakanya yung plastic at nandoon ang mga pinabili kong pagkain para sakanya "Kainin mo yan... Hindi kapa kumakain, i'll seeyou later intayin moko dito at wag na wag kang aalis" seryosong sabi ko at tyaka umalis

Kadalasan ganto ang mood ko dahil sa family ko naging ganto ako... Hindi ko alam kung matatawag pa yun na pamilya. Hindi ko na lang inisip ang nangyari kanina kaya dumeretsyo nako sa room. Pag ka pasok pa lang namin hinanap ko agad yung manang na yun

Nang makita ko sya sa upuan nya ay medyo nag taka ako dahil nakaupo lang sya habang nakapikit at naka pasak yung earphone nya.

"Dre balik nako sa upuan ko ah" paalam ni andrew kaya sumunod na din sila Zeke pero bago pa umalis si lucas binulungan nya ako

"Mag pasalamant ka man lang dre tsk" sabi nya at bumalik na rin sa upuan

'tsk ano ako tanga? baka mamaya pinapalabas lang nya yun para maging mabait sya sa paningin ng iba... Tsk! bida bida'

Dumeretsyo ako sa upuan ko at sa hindi sinasadya napalakas ang pag upo ko at nasagi ko ang upuan nya kaya ang ending tsk Nahulog sya

'tanga tanga naman... Pwede naman matulog ng nakayuko'

"Aray..." daing nya at halos hindi maipinta ang muka

"Bwahahahahahahaha" tawa ko dahil hindi ko naiwasang matawa sa itchura nya

Dahan dahan sya tumayo at inayos ang soot nya... Pero nawala ang saya sa muka ko ng tumingin sya sakin ng masama

"May saltik kaba?" walang emosyong tanong nya

'wtf!? ako? may saltik? baka sya yun'

"Eh ano namang pakialam mo?" tinaasan ko sya ng kilay pero niliitan lang nya ako ng mata at bumalik na sya sa pag kakaupo nya

May 20mins. Pa kami bago mag start ang klase... Medyo nag taka ako sa sarilu ko dahil hindi naman ako ganto kaaga pumapasok dahil madalas late kami

*Cringgggg!!!*Cringggg!!*

Natigilan ako sa pag s-scroll ng marinig kong nag ring yung phone nya at agad naman nya itong sinagot

"Oh?"

*(•_____•)*

'oh? tsk di man lang marunong mag hello man lang'

"Yeah..., I'll seeyou soon, Imissyou"

*(0_________o)*

Imissyou

Imissyou

Imissyou

Imissyou

Imissyou

Nag paulit ulit to sa tenga ko at napatingin sakanya at saktong kakababa lang nya sa kabilang linya. Hindi ko alam pero napatitig ako sakanya. Pero nagulat ako ng mapatingin sya sakin

"What?" nag tatakang tanong nya kaya umiwas ako ng tingin dahil kinilabutan ako at bilang bumilis ang tipong ng puso ko

"N-nothing" sabi ko at nag patuloy na lang sa pag s-scroll

Lumipas ang oras pero hindi ko na sya nakausap... Hindi ko pa rin maintindihan bakit ganun na lang yung epekto sakin ng pag sabi nya ng imissyou

'tsk e ano naman ngayon kung nag imissyou sya'

'Buti may nag kakagusto pa sakanya hahaha kadiri'

Hanggang sa pag tulog ko di nawala sa isip ko si chloe hindi ko alam kung bakit pero naiinis ako tsk

'Mapapaalis din kita sa school, makikita mo'

****************

KEEP READING( ˳♡‿♡ ˳ )